# Panalangin ng mga. Kristiyano sa Maghapon LITURGY OF THE HOURS

# Panalangin sa Umaga

Ika-27 ng Enero, 2022

{ Ika-3 Huwebes sa Karaniwang Panahon }



# Paanyaya sa Panalangin

Tumayo at gawin ang tanda ng krus sa mga labi

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

— At pupurihin ka ng aking bibig.

Salmo 95

Ang Panawagan upang papurihan ang Diyos

Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

 Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya aawitan, Ating paputihan ang batong kublihan nati't kalakasan. Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat, Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

 Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila, Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala. Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman, Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan. Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

 Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang, Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati'y lumalang. Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang, Mga tupa tayong inaalagaan.

 Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

Ang kanyang salita ay ating pakinggan: "Iyang inyong puso'y huwag patigasin, Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.

Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang, Bagamat nakita ang aking ginawang sila ng nakinabang.

 Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam, Ang aking sinabi,"Sila ay suwail, walang pakundangan At ang mga utos ko ay sinusuway!"

Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."

 Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo; Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

 Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

# Panalangin sa Umaga

#### **AWIT**

Pagdating ng umaga, ang lagi nating dasal Si Kristo'y dakilain, sa gawang nakaatang, Sa paglipas ng gabi, sa pagdating ng araw, Si Kristo'y dakilain, siya ay papurihan.

Umawit ng papuri, nang may tuwa at galak, Si Kristo'y dakilain, ng pusong lumiliyag, Mapapawi ang takot, mundo ay liliwanag, Si Kristo'y dakilain, ng bayang iniligtas.

Kahit lupa at dagat, maging ang kalangitan, Si Kristo'y dakilain, masayang aawitan, Mula sa kalaliman, hanggang kaitaasan, Si Kristo'y dakilain, siya ay papurihan.

#### MGA ANTIPONA AT SALMO

#### Antipona 1

Mabubuting bagay ang sa iyo'y iniulat, O lungsod ng Diyos.

Salmo 87

(Ang Jerusalem ang ina nating lahat)

Sa Bundok ng Sion, Itinayo ng Diyos ang banal na lungsod, Ang lungsod na ito'y Higit niyang mahal sa alinmang bayan ng angkan ni Jacob. Kaya't iyong dinggin Ang ulat sa iyong mabubuting bagay, O lungsod ng Diyos:

"Pag itinala ko yaong mga bansang sa iyo'y sasama, Aking ibibilang ang bansang Egipto at ang Babilonia; Ibibilang ko rin yaong Filistia, Tiro at Etiopia." At tungkol sa Sion, yaong sasabihi'y, "Ang lahat ng bansa ay masasakupan,

Siya'y palalakasin at patatatagin ng Kataas-taasan." Ang PANGINOON ay gagawa ng isang talaan Ng lahat ng taong doo'y mamamayan, Ang lahat ng ito ay magsisiawit at pawang sasayaw.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

# Antipona

Mabubuting bagay ang sa iyo'y iniulat, O lungsod ng Diyos.

# Antipona 2

Ang Panginoon na makapangyarihang mandirigma ay darating na may dalang gantimpala ng tagumpay.

Awit: Isaias 40:10-17

(Ang Mabuting Pastol: Diyos na Kataas-taasan at Pinakamarunong)

Dumarating ang PANGINOON na Makapangyarihan Taglay ang gantimpala sa mga hinirang.

At tulad ng pastol, Yaong kawan niya ay kakalingain, Sa sariling bisig Yaong mga tupa'y kanyang titipunin; Sa kanyang kandungan ay pagyayamanin At papatnubayan ang tupang may supling.

Sino ang sumukat ng tubig sa dagat sa kanyang palad? Sino ang makasusukat sa lawak ng kalangitan? Sinong makapaglalagay ng lahat ng lupa sa isang sisidlan? Sa bundok at burol ay sino kaya ang makatitimbang?

Sino ang makapagsasabi ng dapat gawin ng PANGINOON? May makapagtuturo ba o makapagpapayo sa kanya? At sino ang kanyang sinangguni para malaman Ang dapat niyang gawin sa alinmang bagay? Di ba ninyo alam, sa harap ng PANGINOON ang alinmang bansa ay walang kabuluhan?

Tulad ng isang patak ng tubig sa isang sisidlan Ang mga pulo ay parang alikabok lamang ang timbang.

Ang lahat ng hayop sa gubat ng Libano Ay kulang pang panghandog, at sapat na panggatong Ang lahat ng kahoy sa bundok na ito. Sa kanyang harapan ay walang halaga ang lahat ng bansa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

# Antipona

Ang Panginoon na makapangyarihang mandirigma ay darating na may dalang gantimpala ng tagumpay.

## Antipona 3

Ang Panginoong ating Diyos ay lubos na papurihan, sambahin siya sa kanyang bundok na banal.

Salmo 99

(Banal ang Panginoon nating Diyos)

Ang PANGINOON ay naghahari, mga tao'y nanginginig,

Sa trono niya'y nakaupo na kerubin ang kalapit Samantalang nasa trono, nanginginig ang daigdig.

Dakila ang PANGINOON, sa Sion siya ay dakila; Ang PANGINOON ang naghahari sa lahat ng mga bansa. Bawat isa'y magpupuri sa dakila niyang ngalan, Banal siya't pupurihin ang pangalan niyang banal. Hari ikaw na dakila, ang matuwid ang 'yong mahal,

Ang dulot mo sa Israel ay ganap na katarungan; Ang dulot mo sa kanila ay pagtinging pantay-pantay.

Ang PANGINOON na ating Diyos ay lubos na papurihan; Sa harap ng trono niya'y sambahin ang ngalang Banal!

Si Moises at si Aaron, mga saserdote niya; At si Samuel nama'y lingkod na sa kanya ay sumamba; Nang ang PANGINOON'y dalanginan, dininig naman sila.

Ang PANGINOON ay nagsalita sa gitna ng mga ulap; Sila naman ay nakinig utos niya ay tinupad.

O PANGINOON na aming Diyos, sinagot mo sila agad At ikaw ay nakilalang Diyos na mapagpatawad; Ngunit pinagdurusa mo kung ang gawa'y hindi tumpak.

Ang Diyos natin na PANGINOON, dapat nating papurihan, Sa banal na bundok niya sambahin ang kanyang ngalan! Siya'y ating PANGINOON, siya'y ating Diyos na banal!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

# Antipona

Ang Panginoong ating Diyos ay lubos na papurihan, sambahin siya sa kanyang bundok na banal.

Umupo

#### Pagbasa ng Salita ng Diyos

1 Pedro 4:8-11a

Higit sa lahat, magmahalan kayo nang tapat, sapagkat ang pagmamahal ay pumapawi ng maraming kasalanan. Huwag maging mabigat sa inyong loob ang pagtanggap sa mga kapatid. Bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang katangiang tinanggap ng bawat isa. Ikaw ba'y tagapangaral? Ipangaral mo ang salita ng Diyos. Ikaw ba'y tagapaglingkod? Gamitin mo sa paglilingkod ang lakas na kaloob sa iyo ng Diyos upang siya'y papurihan sa lahat ng bagay sa pamamagitan ni Hesukristo. Sa kanya ang kapangyarihan at karangalan magpakailanman! Amen.

#### **TUGUNAN**

Paghibik ko, Panginoon, iyo sanang pakinggan.

— Paghibik ko, Panginoon, iyo sanang pakinggan.

Aking gagawin ang iyong kalooban,

— Panginoon, iyo sanang pakinggan.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Paghibik ko, Panginoon, iyo sanang pakinggan.

Tumayo

#### PAPURING AWIT NI ZACARIAS

## Antipona

Maglingkod tayo sa Panginoon nang may banal na pamumuhay, at ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway.

Lukas 1:68-79

## Gumawa tanda ng krus

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel! Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas, Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,

Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,

At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,

At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham, Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway, Upang walang takot na makasamba sa kanya, At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan; Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,

At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan, Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos; Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan. Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,

At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

# Antipona

Maglingkod tayo sa Panginoon nang may banal na pamumuhay, at ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway.

#### Pangkalahatang Panalangin

Dumulog tayo nang may kagalakan bilang pasasalamat sa Diyos Ama; gumagabay ang kanyang pagmamahal at bumubusog sa kanyang bayan:

— Dakilain nawa ang Panginoon sa lahat ng panahon.

Maawaing Ama, pinupuri ka namin sa iyong pag-ibig, sapagkat nilalang mo kami at sa iyong biyaya kami'y nabalik.

— Dakilain nawa ang Panginoon sa lahat ng panahon.

Sa simula ng araw na ito, punuin ang aming puso ng sigasig para maglingkod sa iyo, upang matungo sa kadakilaan mo ang aming iniisip at inaasal. — Dakilain nawa ang Panginoon sa lahat ng panahon.

Linisin ang aming mga puso sa bawat pagnanasang nagdudulot ng kasamaan,

tulutan mong naisin naming sundin ang iyong kalooban.

— Dakilain nawa ang Panginoon sa lahat ng panahon.

Buksan ang aming puso sa mga nangangailangan, punuin kami ng diwa ng pagmamahalan.

— Dakilain nawa ang Panginoon sa lahat ng panahon.

#### Ama Namin

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

# Pangwakas na Panalangin

## Ama,

liwanagan ng maningning mong ilaw ang mga taong nabubuhay sa dilim ng kamatayan. Magbukang-liwayway nawa sa amin mula sa kaitaasan ang iyong Anak na aming PANGINOONG Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

#### — Amen.

# Paghayo

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

#### PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila





# United States, Canada, India, Philippines www.ebreviary.com